
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo L Blg. 8
Abril 21, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Labanan ang dominasyong militar ng US at panghihimasok ng China

Ipinapakita ng mga pangyayari nitong nagdaang mga linggo ang kalunus-lunos na kawalang-kalayaan ng Pilipinas at pangangailangang makibaka para sa pambansang soberanya. Ang bansa'y nagmistulang palaruan ng malalaki't makapangyarihang siga para ipangalandakan ang kanilang lakas sa militar at ekonomya, habang asal-alipin at inutil ang rehimeng US-Duterte sa pagtaguyod ng pambansang patrimonya at soberanya ng Pilipinas.

Sa isang banda, ipinusisyon ng China sa palibot ng Spratly Islands ang daan-daang pangisdang barko, na pinaniniwalaang may kargang mga armado. Mistulang sinakop nila ang pangisdaan at iba pang rekurso sa saklaw ng teritoryong-dagat ng Pilipinas. Dagdag pa, patuloy ang pagsira ng mga bahura sa kanilang mga operasyong reklamasyon para magtayo ng mga pasilidad pangmilitar at patatagin ang kanilang presensyang militar.

Sa kabilang banda, sa mas hayagan at aroganteng pagpapakita ng superyor na lakas-militar, hambog na pumasok sa bansa ang 3,500 tropang Amerikano na malugod na sinalubong ng kanilang mga alagad sa AFP. Ipinarada nila ang kanilang mga armas tulad ng mga barkong de-nukleyar, *fighter jet* at sasakyang panlusob mula sa dagat kaugnay ng mga pagsasanay na Balika-

*"Labanan..," sundan sa pahina 2*

## 31 sundalo, kaswalti sa mga atake ng BHB sa Abril

NAPATAY ANG 24 sundalo nang tambangan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros ang 62nd IB noong Abril 1 sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental. Noon namang Abril 9, pinasabugan ng BHB ang parehong yunit ng kaaway sa Sityo Asaran, Barangay Buenavista, Himamaylan City. Pitong sundalo ang nasugatan.

**Compostela Valley.** Tinambangan ng BHB ang tropa ng 71st IB sa Sityo Bagong Silang, Barangay Teresa, Maco noong Abril 3, alas- 6:45 ng umaga. Apat ang kumpirmadong napatay na sundalo. Kabilang sa nasugatan ang kumander ng yunit na si 1Lt. Serwin E. Matas. Bago nito, tatlong sundalo ng 66th IB ang napatay noong Marso 30, alas- 9:30 ng umaga, sa Sityo Dasuran, Bara-

*"31...," sundan sa pahina 4*

*"Labanan..," mula sa pahina 1*

tan noong Abril 1-12. Sa tabing ng mga pagsasanay, ginamit ng US ang bansa bilang lunsaran para sa paglalayag ng USS Wasp at pagpapalipad ng mga F-35B sa Panatag Shoal na nagdulot ng takot sa mga Pilipinong mangingisda. Layunin ng pagpapakitang-lakas na ito ang lalong palakasin ang kontrol ng US sa bansa, at igiit ang kapangyarihan sa South China Sea at buong Pacific.

Kumpara sa China, mas marami at mas malalaki ang agresibo at mapanghimasok na operasyong militar na inilunsad ng US sa tabing ng tinaguriang "freedom of navigation operation" at mga kasunduang militar sa Pilipinas.

Dahil sa ganitong pagpapakitang-gilas ng malalaking kapangyarihan, lumalaki ang banta ng gera sa Pacific at niyuyurakan ang pambansang soberanya ng Pilipinas. Bahagi ito ng umiigting na labanan para sa superyoridad sa militar at ekonomya sa pagitan ng malalaking kapangyarihan. Interesado lamang sila sa pagsulong ng kanilang mga magkatunggaling layuning kontrolin ang mga ruta sa kalakalan, pagkukunan ng hilaw na materyales, murang lakas-paggawa, lugar ng pamumuhunan, pamilihan ng mga eksport, at mga kampong militar.

Nagpapaalipin at lumuluhod sa dalawang siga ang sakim na si Duterte. Ipinagkakanulo niya ang patrimonya at soberanya ng bansa para ibayong mapalawak ang kanyang burukrata-kapitalista at pasistang interes.

Isinuko ni Duterte sa China ang teritoryong dagat ng bansa na kinikilala maging sa UN Convention on the Law of the Seas. Pumasok din siya sa pabigat na kasunduan sa pautang at mga kontrata ng gubyerno kung saan ginawang kolateral ang patrimonya ng bansa, kapalit ng malalaking kikbak para sa kanya at kanyang mga kroni.

Sa kabilang banda, kasabwat ni Duterte at ng AFP, todo-todo ang pamamayagpag ng militar ng US sa bansa. Tinanggap niyang gamitin ng US ang Pilipinas bilang base ng Operation Pacific Eagle-Philippines. Pumayag siyang magtayo ng mga sikretong pasilidad at mag-imbak ng armas ang US sa loob ng mga kampo ng AFP, maglunsad ng paparaming mga pagsasanay sa gera, magtayo ng mga radar at maniktik gamit ang mga *drone*, maglayag sa karagatan ng mga barkong pandigma at gamitin ang mga daungan, at magsanay at kontrolin ang mga operasyon ng mga yunit ng AFP. Nananatiling nakatali ang Pilipinas sa di pantay na mga kasunduang militar. Kapalit nito, nagbigay ang US ng ayudang militar para sa todo gera ni Duterte at sinusuplayan ito ng mga riple, kanyon, kinumpuning mga helikopter, *drone* at iba pang kagamitan.

Kaibigan at alyado raw ng mga makapangyarihang siga na ito ang mamamayang Pilipino. Ang totoo, sariling mga estratehikong interes ang kanilang isinusulong. Anang China, ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan sa ekonomya para umunlad ang ibang bansa. Ang totoo'y tinatakam ng mga monopolyo kapitalistang Chinese ang rekursong mineral ng bansa para ipantustos sa kanilang mga industriya. Nagpapautang ito ng malalaking halaga para mailuwas ang kanyang labis na kapital at maibenta sa ibang bansa ang kanyang labis na asero.

Deklarasyon naman ng US ang "balot-sa-bakal na komitment na ipagtanggol ang Pilipinas" laban sa "pananakop ng China." Ang totoo, ang US ang matagal nang sumasaklot sa Pilipinas. Patuloy ang paghaharing militar ng US para ipagtanggol ang sarili nitong ultranasyunal na interes, at hindi ang soberanya ng Pilipinas.

Kaaway, hindi kaibigan, ang imperyalismong US. Matagal na nitong nilupig ang bansa sa isang siglo ng kolonyalismo at neokolonyalismo gamit ang armadong pananalakay at panunupil. Nagpataw ito ng mga kasunduan sa kalakalan at patakaran sa ekonomya upang sapilitan tayong paasahin sa mga import, pautang at dayong pamu-

ANG Bayan

Tomo L Blg. 8 | Abril 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews
@prwc_info
fb.com/groups/prwcnewsroomv2
cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| Editoryal: Labanan ang dominasyong militar ng US at panghihimasok ng China | 1 |
| 31 sundalo, kaswalti ng AFP sa Abril | 1 |
| Tapatan sa karagatan ng Pilipinas | 4 |
| US at China, layas! | 4 |
| Paglaban ng Kaigorotan | 5 |
| Proyektong Chico dam | 5 |
| Barat na pagbili ng gulay | 6 |
| Kalbaryo ng mamamayan | 6 |
| *Brownout* sa Metro Manila | 6 |
| Pasistang propaganda | 7 |
| Pananalasa ng estado | 7 |
| Lider Manobo, pinaslang | 8 |
| Mga pekeng engkwentro ng AFP | 9 |
| Misengkwentro ng AFP | 9 |
| Lumulobong yaman at pagsasamantala | 10 |
| Bundat na burukrata | 11 |
| Sindikato ng droga sa burukrasya | 11 |
| Hustisya para sa Negros | 12 |
| Tanggalan sa FoxConn | 12 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

muhunan. Dinambong at sinimot ng malalaking korporasyong Amerikano ang mga kagubatan at natural na rekurso ng bansa, inagaw ang malalawak na lupaing agrikultural, sinamantala ang murang paggawa at hinigop ang dambuhalang tubo. Binansot nito ang ekonomya ng Pilipinas, pinigilan ang industriyalisasyon at itinali sa pagluluwas ng hilaw na materyales at malamanupaktura.

Kumpara sa imperyalismong US, na matagal nang dumambong at nagwasak sa Pilipinas, huli nang dumating ang China na kumakahig sa natitirang yaman ng bansa.

Nananatili ang bansa sa ilalim ng imperyalistang dominasyon ng US. Ang naghaharing estado sa Pilipinas ay estadong-kliyente ng US, at nagsisilbing pinakamatibay na haligi nito ang AFP na sinanay at indoktrinado ng US. Si Duterte ang kasalukuyang pinuno nito. Armado ng mga sandatang ibinigay ng US, ginagamit at itinutuon ng pasistang rehimen ang karahasan ng estado laban sa mamamayang Pilipino at lahat ng kanilang mga pwersang patriyotiko at demoktratiko.

Ang mga pwersang ito, kabilang ang Partido Komunista ng Pilipinas, ay matatag at militanteng tumitindig para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya. Pangunahin nilang iginigiit na wakasan ang imperyalistang dominasyon ng US at kundenahin ang pagpapakatuta ng gubyerno ng Pilipinas. Isinisigaw nila ang pagbasura sa mga tratadong militar ng US-RP at panghihimasok militar ng US at nakikibaka para mapalaya ang bansa mula sa pang-ekonomya at pampulitikang mga tanikala.

Bilang mga makabayan, kinukundena rin nila ang pambabraso ng China, presensyang militar at okupasyon nito ng teritoryong dagat ng Pilipinas sa South China Sea at pagdambong ng mga rekursong dagat at binabatikos ang kainutilan ng rehimeng Duterte na magsagawa ng mga kinakailangang diplomatiko at pampulitikang hakbang upang igiit ang mga karapatan ng bansa. Nilalabanan din nila ang mabibigat na pautang at maaanomalyang mga kontratang imprastruktura sa China.

Habang tinutuligsa ang panghihimasok at pang-ekonomyang pangaapi ng China, hindi nila kinakaligtaan ang mas malaking kaaway at itinutuon ang mas mariing pagkundena sa imperyalismong US, na patuloy na sumasaklot sa Pilipinas gamit ang pwersang militar, kumukontrol at nag-aarmas sa neokolonyal na estado ng Pilipinas at tumatayong pinakamalaking hadlang sa adhikain ng mamamayang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

## TAPATAN SA SOBERANONG KARAGATAN NG PILIPINAS

**CHINA**: Mula Enero hanggang Marso, naiulat ang paglabas-masok ng 275 barkong pangisdang Chinese na pinagsususpetsahang mga barkong pangsarbeylans ng Chinese Coast Guard malapit sa isla ng Pag-asa (internasyunal na pangalan: Thitu Island). Ayon sa ilang ulat, lulan ng mga barkong ito ang mga paramilitar na Chinese na tinaguriang "Little Blue Men."

Ang isla ng Pag-asa ang pinakamalaki sa grupo ng mga isla ng Spratlys na matatagpuan 285 *nautical mile* (katumbas ng 528 kilometro) mula sa baybay ng Palawan.

**US:** Tatlong beses na naiulat ang presensya ng mga sasakyang pandigma ng US sa isla ng Panatag (Scarborough) sa parehong panahon. Noong Enero, naglunsad ng kunwa'y *freedom of navigation operations* ang USS Hopper malapit dito. Noong Abril, nagpatrol naman ang US Air Force A-10 Warthog. Pinakamalaki presensya ng USS Wasp na may lulang 10 F-35B na tinaguriang pinakaabanteng eroplanong pandigma ng US, apat na Osprey at dalawang pang-atakeng helikopter. Pinatatakbo ito ng 1,000 sundalo at may lulang 1,600 Marines para sa lulan nitong mga sasakyang amphibious. Bago nabuking ng mga mangingisdang Pilipino noong Abril 9, sikreto itong nagsagawa ng pagpapalipad at pagpalalapag ng mga eroplano at helikopter malapit sa Panatag Shoal.

Bahagi ang USS Wasp sa ika-35 Balikatan na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng Luzon noong Abril 1-12. (*Para sa dagdag na detalye, basahin ang kaugnay na artikulo sa* Ang Bayan, *Abril 7, 2019.)*

Ang Panatag Shoal (Scarborough Shoal) o Bajo de Masinloc ay matatagpuan 35-40 *nautical mile* (o 74 kilometro) mula sa baybay ng Masinloc, Zambales. AB



## US at China, layas!

NAGTIPON ANG MAHIGIT 500 residente ng Batangas sa harap ng kapitolyo ng prubinsya noong Marso 29 upang tutulan at kundenahin ang Balikatan 2019 na nakatakda noong ilunsad sa kanilang lugar. Mahigit 7,500 tropang Pilipino at Amerikano ang lumahok sa Balikatan 2019 na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng Luzon.

Perwisyo at paglabag sa karapatang-tao ang dulot ng pagsasanay na ito. Iniulat ng mga residente ng Barangay San Diego, Lian ang maya't mayang pagpapalipad ng helikopter na bumulabog sa kanilang komunidad. Inireklamo rin ng mga residente ng Barangay Sto. Domingo, Batangas City ang pag-ooperasyon ng mga tropa ng US at AFP sa kanilang komunidad.

Pinatindi rin ang mga operasyong militar at paniniktik (sa tabing ng pagsesensus) ng pinagsamang pwersa ng PNP at 1st IB sa mga bayan ng Nasugbu, San Juan at Rosario. Ginamit naman ng mga sundalong dineploy sa limang barangay sa tabing-dagat ng bayan ng Lian ang mga *barangay hall* bilang kampuhan at detatsment.

Samantala, dumagsa naman ang daan-daang raliyista sa harap ng Chinese Embassy sa Makati City noong Abril 9, Araw ng Kagitingan, para kundenahin ang panghihimasok ng China sa bansa at pagpapataw nito ng hindi patas na mga kasunduan. Pinangunahan ng Pilipinong Nagkakaisa para sa Soberanya (P1NAS) ang protesta sa pagbatikos sa China sa pagsasagawa nito ng reklamasyon at pagtatayo ng mga imprastruktura sa West Philippine Sea.

Binatikos din ng grupo ang pagpasok ng reaksyunaryong gubyerno sa hindi patas na kasunduang pautang sa China kaugnay sa proyektong Chico River Pump Irrigation Project at Laiban Kaliwa-Kanan Dam.

Naglunsad din ng mga pagkilos sa Cebu, Davao at Iloilo City sa parehong araw.

*"31...," mula sa pahina 1*

ngay Golden Valley sa Mabini.

Matapos ang mga labanang ito, paulit-ulit na nanganyon at naghulog ng bomba ang mga yunit ng AFP.

**Masbate.** Dalawang pulis ang pinarusahan sa magkahiwalay na operasyong partisano ng BHB sa Barangay TR Yangco, Dimasalang at Barangay Bugang, Pio V. Corpuz. Ayon sa BHB-Masbate, aktibo sa mga operasyong "kontra-insurhensya" at kontra-mamamayan ang dalawang pulis. Nakuha mula sa kanila ang mga pistolang kalibre .45 at 9mm.

**Samar.** Dalawang sundalo ang napatay matapos paputukan ng BHB ang 543rd Engineering Construction Battalion sa kahabaan ng kalsadang umuugnay sa mga barangay ng San Antonio, Aguinaldo at San Isidro sa Las Navas, Northern Samar. Isinagawa ang opensiba noong Abril 15, alas 11:20 ng umaga habang nag-iinspeksyon ang mga sundalo sa kanilang proyektong kalsada sa ilalim ng PAMANA.

SA ORIENTAL MINDORO, inaresto ng BHB sina Peter Delos Santos, Rocky Bueta at Remando Malupa sa Barangay Malu, Bansud noong Abril 5. Gamit ang kanilang mga pusisyon sa barangay, arbitraryong dinadakip ng tatlo ang mga sibilyang pinaghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Naniniktik din sila sa galaw ng BHB sa lugar. Nakumpiska mula sa kanila ang isang pistola, mga bala at dalawang radyo.

Pinalaya sina Delos Santos at Bueta habang nananatili sa kustodiya ng BHB si Malupa bilang bihag-ng-digma. AB

## 54, kaswalti ng AFP sa Sultan Kudarat

HINDI BABABA SA 54 sundalo ng Marine Battalion Landing Team (MBLT)-2 at 33rd IB ang naiulat na kaswalti sa limang opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sultan Kudarat mula Enero 22-Marso 10. Sa Negros, umaabot sa 24 ang kaswalti ng AFP sa isang ambus ng BHB.

Noong Marso 10, inambus ng BHB ang mga sundalo ng 33rd IB na nag-ooperasyon sa kabundukan ng Daguma. Sakay ng trak ang mga sundalo nang pasabugan sila sa Barangay Titulok, Bagumbayan, Sultan Kudarat. Sugatan dito ang 23 elemento ng AFP.

Ang ambus na ito ay bahagi ng serye ng mga taktikal na opensibang inilunsad ng BHB-Sultan Kudarat upang labanan ang kampanya ng kaaway sa kabundukan ng Daguma. Ang MBLT-2 at 33rd IB ay nagsisilbing gwardya ng DM Consunji Incorporated na nang-aagaw ng lupaing ninuno ng mga Lumad upang gawing mga plantasyon at minahan.

Sinimulan ng BHB ang serye ng mga opensiba noong Enero 22 sa pamamagitan ng operasyong haras sa detatsment ng Marines sa komunidad ng Maat, Barangay Sangay, Kalamansig kung saan dalawang sundalo ang nasugatan. Kasunod nito ang ambus noong Enero 24 sa dalawang trak ng Marines sa haywey sa Sityo Kabukbukan, Barangay Kipungot, Palimbang. Pinasabugan ang komboy ng kaaway na nagresulta sa pagkawasak ng isang trak. Nahulog naman sa bangin ang isa pang trak matapos mawalan ng kontrol ang drayber nito. Hindi bababa sa 20 sundalo ang namatay, maliban sa ilan pang sugatan.

Kinabukasan, isa pang ambus ang isinagawa sa kalapit na Barangay Paril sa parehong bayan. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang pasabugan ng BHB ang trak na sinasakyan ng mga pasistang tropa.

Noong Pebrero 3, inambus ng BHB ang isang kolum ng kaaway sa komunidad ng Kiblis sa Barangay Hinalaan sa Kalamansig kung saan limang sundalo ang nasugatan. AB

# Rebolusyonaryong paglaban ng Kaigorotan




Kung hindi dahil sa matibay at maalab na paglaban ng pambansang minorya sa tulong ng hukbong bayan upang ipagtanggol ang lupaing ninuno, matagal na sanang nawala ang Cordillera.

Ito ang pahayag ni Simon Naogsan (Ka Filiw), tagapagsalita ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF) sa di-maitatatwang papel ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pakikibaka ng mamamayang Igorot para sa pagpapasya-sa-sarili at demokrasya, at para sa pagpapalaya ng bansa.

Sa kanyang pahayag noong Marso 21, kinilala ni Ka Filiw ang pagsisikhay ng BHB sa gawaing masa, panlipunang pagsisiyasat at pag-aaral sa partikular na kalagayan ng iba't ibang tribu sa Cordillera. Pagsapit ng huling bahagi ng dekada 1970, nakapag-ugat na ang rebolusyonaryong kilusan sa anim na prubinsya ng Cordillera. Nailuwal ang mga dokumentong bumaybay sa pambansang pang-aapi sa Cordillera na siyang partikularidad ng kanilang pakikibaka.

Kabilang ang mga paglaban sa Chico Dam at Cellophil sa mga unang bumasag sa tiraniya ng diktadurang Marcos. Pinagtibay ng mga labang ito, at ng sumunod pang mga laban ng masa na umabot sa hangganan ng Ilocos Sur, ang kapasyahan ng mga Igorot na ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno at yamang rekurso. Kalakhan ng mga pakikibakang masa ay laban sa mga mina, para sa pagbawi sa lupaing ninuno at laban sa pagdistrungka sa sistemang sosyo-pulitikal ng mamamayang Igorot.

Rumurok ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayang Igorot sa pagkatatatag ng CPDF noong 1989. Ang CPDF ang kongkretong anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mga Igorot. Ito ay alyansa ng lahat ng mga demokratikong uri at sektor sa rehiyon, at tumatayong rebolusyonaryong nagkakaisang prente o NDF ng Cordillera. Naging susi ang CPDF sa pagtatayo ng unang mga organo ng kapangyarihang pampulitika hanggang sa mga pwerang bahagi ng Cordillera. Sa pagkakabuo ng mga Konseho ng mga Lider sa mga komunidad hanggang antas munisipyo, nailagay sa unang pagkakataon sa kamay ng mamamayang Igorot ang tunay na demokratikong kapangyarihang pampulitika. Sinuklian ito ng matinding karahasan ng reaksyunaryong estado na suportado ng mga imperyalistang bansa na may malalaking interes sa mina sa kabundukan ng rehiyon.

Hamon ngayon sa mamamayang Igorot ang patuloy na labanan ang mga mapaminsalang mina at proyektong dam at enerhiya sa Cordillera. Kasabay nito ang matinding militarisasyon at saywar upang supilin ang paglaban ng mga komunidad at buwagin ang kanilang pagkakaisa. Inuudyukan ang mga magsasaka at kabataang Igorot na maging sundalo at paramilitar, at sinasalaula ang katutubong mga sistemang sosyo-pulitikal tulad ng mga *dap-ay* at *bodong* upang gamitin sa "kontra-insurhensya."

Hamon din ang itinutulak ng mga pulitiko sa Cordillera na pekeng awtonomiya sa rehiyon. Samantala, nananatili ang pagkaatrasado ng agrikultura na pinalala ng kapabayaan ng gubyerno. Ginagawa ring komersyalisado ang katutubong kultura at tradisyon, at pinalalaganap ang dekadenteng kultura habang pinapawi ang militanteng tradisyon ng mamamayan ng Cordillera. AB

## Proyektong Chico dam, labag sa soberanya

LUMALAWAK ANG OPOSISYON sa proyektong dam na Chico River Pump Irrigation Project sa Kalinga matapos malantad ang malulubhang paglabag nito sa soberanya at patrimonya ng bansa.

Kapalit ng mahigit $62 milyong pautang mula China para sa naturang proyekto, isinuko ng rehimeng Duterte ang yamang rekurso ng bansa bilang kolateral. Anumang sigalot na ibubunsod ng proyekto ay isasampa at dedesisyunan hindi sa mga korte ng Pilipinas kundi sa isang korte na itinatag ng China para sa mga dayuhang proyekto nito. Dagdag pa, ibinigay ang proyekto sa kontraktor at manggagawang Chinese, sa halip na sa mga Pilipino. Pumayag din ang rehimeng Duterte na isikreto ang mga detalye ng kontrata na pinirmahan noong Abril 2018.

Liban dito, napakataas ng ipinataw ng China na 2% interes kada taon kumpara sa karaniwang 0.25%-0.75% lamang sa mga pautang ng ibang bansa. May mga dagdag ding bayarin tulad ng $186,260 na "management fee" at taunang 0.3% "commitment fee." Sinisingil ito upang may tiyak na kita ang China mula sa konstruksyon sa mga panahong naantala o pansamantalang natitigil ang proyekto, na karaniwang nangyayari sa mga proyektong malalaking dam.

Nagpautang din ang China ng $211 milyon para sa Kaliwa Dam sa Quezon, na may halos katulad na mga kundisyon.

Tinarget na itayo ang dam sa lupaing ninuno ng Kaigorotan sa Pinukpuk, Kalinga. Ikinagulat ng mga residente sa lugar ang pagpasok ng mga *heavy equipment* at tauhan ng kontraktor na China CAMC Engineering Co. Ltd.. Nagtayo ng istruktura para sa mga manggagawang Chinese at nagsimula ng paghuhukay ang kontraktor kahit wala pang pahintulot mula sa mga komunidad na Igorot.

# Mga *gardener* sa Cordillera, binabarat

NITONG UNANG KWARTO ng 2019, tuluy-tuloy ang pagsadsad ng presyo ng gulay sa iba't ibang *trading post* sa Cordillera. Bumagsak hanggang piso bawat kilo (P1/kilo) na lamang ang pagbili ng wombok at karots ng mga negosyante mula sa mga magsasaka dahil umano sa sobra-sobrang suplay.

Luging-lugi na at lubog sa utang ang mga magsasaka sa gulay (tinatawag na *gardener* sa Cordillera) na una nang sinalanta ng habagat, bagyong Ompong at Rosita.

Sa harap nito, patuloy ang pagtaas ng presyo ng naturang mga gulay sa mga pampublikong pamilihan. Umaabot sa P65/kilo ang abereyds na presyo ng mga ito sa malalaking syudad tulad ng Maynila. Ito ay dahil kontrolado ng malalaking *trader* (negosyante) sa gulay at mga kasosyo nilang komersyante, na tumatayong "middleman" o namamagitan sa pamilihan, ang presyo ng gulay. Binibili ng mga *trader* sa napakababang presyo ang gulay sa mga magsasaka, at kakutsaba ang ibang *trader*, sobra-sobrang pinapatungan ang presyo. Dahil dito, napakamahal na ng gulay pagdating sa mga palengke.

Ang solusyon ng gubyerno sa krisis na ito ay pag-alok ng *crop insurance* o garantiya sa pananim na babayaran ng mga magsasaka. Ang mga walang *insurance* ay maaari umanong umutang ng P25,000 para makaagapay sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Pero ayon sa mga magsasaka, hindi aabot ang halagang ito at kahit ang iniaalok ng Department of Agriculture na P35,000 pautang sa 1/4 ng kabuuang kapital na kailangan para sa pagtatanim sa isang ektaryang gulay.

Hindi rin nito nireresolba ang isyu ng sobrang suplay na dulot ng labis na importasyon. Bumabagsak ang presyo ng gulay dulot ng pagbaha ng mga dayong produkto na nakikipagkumpitensya sa lokal na produkto ng mga magsasaka sa gulay. Sa pamamagitan ng todong-liberalisasyon sa agrikultura ng rehimeng Duterte, ibinubuyangyang ang bansa at malayang pumapasok ang produkto ng malalaking dayuhang kapitalista nang walang taripa. Kasabwat ang lokal na malalaking *trader*, nakapagbebenta ang mga ito ng gulay sa itinatakda nilang presyo. AB

## Kalbaryo ng Mamamayan

SA PANGUNGUNA NG Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) at Kilusang Mayo Uno (KMU), nagrali ang ilandaang progresibo sa Liwasang Bonifacio sa Maynila noong Abril 12. Tinaguriang "Kalbaryo ng Mamamayan," inilarawan ng protesta ang kahirapang nararanasan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Pinatampok sa pagkilos ang panawagang hustisya para sa Negros 14, pagbasura sa batas na TRAIN at paglaban ng mamamayan sa ambisyon ni Duterte na magtatag ng pasistang diktadura. Kaparehong protesta ang inilunsad sa Iloilo City at Kabankalan City noong Abril 11. Tinawag itong "Kalbaryo sang Pumuluyong Pilipino 2019."

Noong Abril 17, naglunsad ng piket ang mga kasapi ng Anakpawis sa harapan ng Camp Crame sa Quezon City. Ikinumpara nito ang krus sa malawakang pamamaslang at pahirap na batas na TRAIN na pinapasan ngayon at nagpapahirap sa mga maralita.

Sa Bukidnon, daan-daang Lumad at magsasaka ang naglunsad ng "Kampuhan sa Kabus batok sa Balaod Militar" (Kampuhan ng Maralita laban sa Batas Militar) noong Abril 9 sa Valencia City. Target nilang pumunta sa Cagayan de Oro City kung saan nakakampo ang iba pang mga Lumad at magsasakang napalayas sa mga komunidad dulot ng militarisasyon. Hinarang sila ng mga sundalo sa tsekpoynt sa Manolo Fortich at pinigilang dumiretso. AB

## Metro Manila, dadanas ng *rotational brownout*

HINDI PA NALULUTAS ang problema sa suplay ng tubig, nahaharap naman ang mga residente ng Metro Manila sa *rotational brownout* o nakaiskedyul na pagkawala ng kuryente sa kabuuan ng tag-init. Dulot ito ng sabay-sabay na pagsasara ng 20 planta na nagsusuplay ng kuryente sa Luzon.

Ang sabay-sabay na pagsasara tuwing tag-init ay paraan ng mga pribadong kumpanyang nagpoprodyus ng enerhiya para ipitin ang suplay at itaas ang presyo ng kuryente. Kasabwat ang mga kumpanya sa distribusyon tulad ng Meralco, ipinapasa ang dagdag na singil sa mga konsyumer. Ang kalakarang ito ay bunsod ng deregulasyon ng sektor sa enerhiya kung saan ipinaubaya sa mga pribadong kumpanya ang produksyon at pagpepresyo ng kuryente.

Sinasamantala ng Meralco at kasabwat nitong mga kumpanyang nagpoprodyus ng kuryente ang nakaiskedyul na *brownout* para itulak ang planong magtayo ng dagdag na mga plantang pang-enerhiya. Nagbanta si Manuel Pangilinan, punong upisyal ng Meralco, ng mas madalas pang mga *brownout* kung hindi ito itutuloy. Sa minimum, kakailanganin ng $30 bilyon para magtayo ng bagong mga planta sa susunod na mga taon. Tulad sa nakaraan, babalikatin ng mamamayan ang gastos ng pagtatayo ng mga pribadong plantang ito sa anyo ng matataas na singil sa kuryente.

Liban sa Metro Manila, makararanas din ng *rotational brownout* ang mga residente sa ilang bahagi ng Laguna at Rizal. AB

# Pananalasa ng terorismo ng estado sa unang kwarto ng taon

*Ang ulat na ito ay halaw sa mga ibinalita ng* Ang Bayan *na mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na isinagawa ng Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police at iba pang mga armadong ahente ng reaksyunaryong rehimeng US-Duterte sa buong bansa nitong unang kwarto ng taong 2019.*

Sa inisyal na tala ng *Ang Bayan,* umabot na sa 772 (o siyam kada araw) ang naging biktima ng iba't ibang tipo ng paglabag mula Enero 1 hanggang Marso 31. Hindi pa kabilang dito ang puo-puong libong nagbakwit sa iba't ibang bahagi ng bansa dulot ng sustenidong mga operasyon at kampanyang militar sa kani-kanilang mga komunidad.

Sa abereyds, kada tatlong araw ay may isang pinapatay at dalawa ang iligal na inaaresto. Kada araw naman ay may pitong nagiging biktima ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon.

Ang matinding unang kwartong opensiba laban sa mamamayan ay direktang resulta ng malawakang pagpapatupad ng National Internal Security Program (NISP) at Oplan Kapayapaan ng rehimen.

**Pagpaslang, bigong pagpaslang at tortyur**. Sa loob lamang ng tatlong buwan, umabot na sa 32 ang mga sibilyang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa buong bansa. Siyam (28%) ang pinaslang sa Luzon, 16 (50%) sa Visayas at pito (38%) naman sa Mindanao. Samantala, nakapagtala rin ang *Ang Bayan* ng tig-limang kaso ng bigong pagpaslang at tortyur.

Bagamat katumbas ng kabuuang bilang ng pinaslang ngayong unang kwarto ng 2019 ang sangkapat ng ka-

*"Pananalasa...," sundan sa pahina 8*




---

## Pasistang propaganda, sangkap sa todo-gera

KASABAY NG MATINDING pang-aatake sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, pinaiigting ng rehimeng US-Duterte ang pasistang propaganda laban sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB), lahat ng rebolusyonaryong pwersa, at sa mga pwersang ligal at demokratiko.

Kinakasangkapan ng rehimen ang pasistang propaganda para ihanda at hubugin ang opinyong publiko para bigyang katwiran ang pagsupil nito sa lehitimong mga pakikibaka ng masang anakpawis. Partikular na katangian ng kampanyang ito ang pagdedeklarang "teroristang organisasyon" ang PKP-BHB at na "walang-saysay" ang rebolusyonaryong pakikibaka. Tahasan ding binabansagan ang hayag at ligal na mga progresibong institusyon at organisasyong masa bilang "mga prenteng komunista."

Tampok na halimbawa nito ang pagpapakalat ng mga pekeng balita ng engkwentro para pagtakpan ang laganap na mga kaso ng pagpaslang sa mga aktibistang magsasaka; pagbansag sa mga paaralang Lumad bilang mga "paaralan sa pagsasanay ng BHB;" pagpaparada sa mga sibilyan bilang mga "sumurender" na kasapi o tagasuporta ng BHB; pagpwersa sa mga lokal na gubyerno na maglabas ng mga deklarasyong "persona non grata" (mga taong di tinatanggap) ang BHB; at iba pa.

Direktang ipinapailalim ng AFP ang mga lokal na gubyerno mula antas prubinsya hanggang barangay sa tangkang ipagkait sa rebolusyonaryong kilusan ang baseng masa. Halos araw-araw, bukambibig ni Duterte at mga tagapagsalita ng mga ito ang mga kasinungalingan at paninira sa PKP, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit ng AFP kapwa ang tradisyunal at *social media* para padaluyin ang kanilang propaganda, habang kinokontrol ang daloy ng impormasyon mula sa mga lugar na inaatake ng kanilang mga tropa. Pinagbabantaan at ginigipit ng mga ito ang mga mamamahayag na nangangahas magsiwalat sa mga abuso at krimen ng militar at pulis.

Ginagamit din ng AFP ang mga sustenidong operasyong *peace and development (PDT o COPD)* para magkalat ng disimpormasyon at takutin ang mamamayan para busalan ang kanilang mga paglaban at gawin silang pasibo. AB

*"Pananalasa...," mula sa pahina 7*

buuang bilang ng mga biktima (106) noong 2018, mahalagang bigyang pansin ang dami ng mga biktima sa Negros Island. Nananatiling pinakamataas ang bilang ng naitalang kaso ng pagpaslang sa rehiyon. Sa Negros Oriental pa lamang, 15 na ang mga magsasakang pinaslang sa ilalim ng SEMPO (Synchronized Enhanced Managing of Police Operations) o Oplan Sauron, ang umiiral na kampanyang panunupil sa isla.

**Iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon**. Umabot na sa 65 ang naging biktima ng iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon sa nakalipas na tatlong buwan. Dalawampu't dalawa (34%) ang inaresto sa Luzon, 18 (28%) sa Visayas at 25 (38%) sa Mindanao.

Nakapag-ulat ng pinakamaraming kaso ng iligal na pag-aresto sa Northern Mindanao Region o NMR (14 biktima) na sinundan naman ng Negros Island (11) at ng Davao Region (8). Tampok na kaso ang iligal na pag-aresto ng mga elemento ng 65th IB at PNP-CIDG sa dalawang bata, isang menor-de-edad at apat na kasapi ng Misamis Oriental Farmers' Association noong Enero 13.

**Pambobomba, istraping at militarisasyon**. Hindi bababa sa anim na kaso ng istraping at pambobomba ang inulat ng *Ang Bayan* sa parehong panahon. Dagdag dito ang 42 insidente ng okupasyon at pang-aatakeng militar sa mga komunidad kung saan isa ang naiulat sa Luzon, 23 (55%) sa Visayas at 18 (43%) sa Mindanao.

Pinakamarami ang naiulat na kaso ng militarisasyon sa Negros (13 insidente), NMR (12) at Eastern Visayas (9). Resulta ang mabangis na mga operasyong militar sa Negros at Eastern Visayas ng *de facto* na batas militar na umiiral sa nasabing mga rehiyon sa bisa ng Memorandum Order 32 ni Duterte na direktang nagtambak ng dagdag na mga batalyon sa mga ito.

# Lider Manobo, pinaslang

PINASLANG SI DATU Kaylo Bontulan, lider Manobo at upisyal ng Pasaka at Salugpungan, ng mga elemento ng 3rd IB na walang patumanggang naghulog ng mga bomba at namaril sa Barangay Kipilas, Kitaotao, Bukidnon noong Abril 7. Bumibisita noon si Datu Kaylo sa lugar para alamin ang kalagayan ng mga nagbakwit doon na mga Manobo mula sa Talaingod. Kilala siya bilang isa sa mga lider ng Talaingod na matagal nang lumalaban para ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno.



Samantala, pitong sibilyan ang iligal na inaresto ng mga pwersa ng estado nitong Abril sa Iloilo, Bulacan at Cagayan Valley.

Sa Iloilo, inaresto ng mga elemento ng 61st IB si Remy Diaz, kasapi ng Tumanduk Panay, sa Barangay Masaroy, Calinog noong Abril 16, alas-12 ng hatinggabi. Ipinrisinta ang biktima na kasapi ng BHB. Pinaputukan ng mga sundalo ang mga upisyal ng barangay na nagtangkang saklolohan ang biktima.

Sa Bulacan, dinukot ng mga elemento ng 48th IB sina John Griefen Arlegui at Reynaldo Remias, mga organisador ng Kadamay sa Pandi, noong tanghali ng Abril 13 habang nagdidikit ng mga poster ng Bayan Muna at ni Neri Colmenares sa Angat-Pandi Road. Natagpuan kinabukasan ang mga biktima sa kulungan ng CIDG Malolos. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms.*

Sa Cagayan, inaresto ng mga pulis sina Ariel Madriaga, Felix Madriaga, Jovito Madriaga at Adrian Panturgo sa Barangay Dafunganay, Amulung noong Abril 15, dakong alas-5 ng umaga. Bago nito, dakong alas-3, pinalibutan ng mga armadong lalaki na nakatakip ang mukha ang mga bahay ng mga biktima. Pagkatapos nito ay pinasok, iligal na hinalughog at tinamnan ng mga salarin ng ebidensyang mga baril, bala at bomba ang mga bahay.

Samantala, hinarang ng mga sundalo sa isang tsekpoynt ang grupo ng Bayan Muna na magdidikit sana ng mga poster sa Abatan, Bauko, Mt. Province noong Abril 4. Walang pahintulot na kinuhaan ng litrato ang sasakyan at mga kasapi ng grupo. Hinalughog din ang kanilang sasakyan at pinaratangan silang nagtatago ng mga armas. AB

**Pagbabakwit.** Nagresulta ang walang puknat na mga operasyong militar sa pagbabakwit ng 19,936 katao mula sa iba't ibang komunidad sa buong bansa. Pinakamarami ang nagbakwit sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (16,300 bakwit) dahil sa walang patumanggang pambobomba at pag-istraping ng militar sa mga komunidad sa Maguindanao at Sulu. Hindi naman bababa sa 1,614 ang nagbakwit mula sa Eastern Visayas, 900 sa NMR at 831 sa Caraga.

**Pagbabanta, panggigipit at intimidasyon.** Kabilang sa mga biktima ang 646 indibidwal na isinailalim sa pagbabanta, panggigipit at intimidasyon. Kalakhan ng mga biktima ay mula sa Negros (452) at Davao Region (153). AB

# Pekeng engkwentro, panakip-krimen ng AFP

Sa tangkang itago ang dumarami ng krimen sa mamamayan, walang tigil ang paghahabi ng AFP ng mga kwento upang palabasing mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pinapaslang at dinadakip nitong mga sibilyan.

Sa Masbate, pinalabas ng AFP na nagkaroon ng labanan sa pagitan ng BHB at mga elemento ng 2nd IB, 9th ID at PNP sa Barangay Buri, Mandaon, Masbate noong Abril 8. Ito ay para itago ang kanilang pagpaslang sa kanilang mga aset na pinamumunuan ng isang Rolando Bajera Epil. Si Epil at kanyang grupo ay dating mga Pulang mandirigma na matagal nang sumuko sa AFP.

Ayon sa BHB-Masbate, walang yunit ng BHB sa nasabing erya sa nabanggit na panahon. Ang totoo, anito, nasa lugar ang 2nd IB at PNP RMG, kasama si Epil at anim pa niyang kagrupo. Sa pekeng engkwentrong ito, pinatay ng AFP si Epil at tatlo niyang kasamahan.

Si Epil at kanyang grupo ay matagal nang kinakanlong ng 2nd IB at mga elemento ng pribadong armadong grupo na pinamumunuan ng notoryus na upisyal paniktik ng AFP na si Sgt. Rico Amaro. Sangkot ang grupong ito sa di mabilang na krimen sa taumbayan, kabilang na ang pagpaslang kay Randy Masamoc noong Disyembre 2018.

Pekeng engkwentro rin ang inimbento ng 31st IB at Sorsogon Police Provincial Office sa naganap sa Barangay Lajong, Juban, Sorsogon noong Abril 1 para pagtakpan ang pagsalbeyds ng mga sundalo at pulis kay Michael Ismer, isang sibilyang inakusahang kasapi ng BHB.

Ayon sa pahayag ng BHB-Sorsogon, walang yunit ng BHB sa lugar sa nasabing petsa. Ang totoo, nagpaalam si Ismer noong Marso 29 na may aasikasuhin siya sa labas ng Magallanes kung saan siya nakatira. Noong Abril 1, nakita siyang bumaba sa isang puting sasakyan na may kasunod na sasakyan ng pulis sa Barangay Lajong. Pagkababa ni Ismer, agad siyang binaril hanggang mapatay ng mga lalaking galing sa puting sasakyan. Matapos nito ay kinuha ng mga pulis ang kanyang bangkay idineklara siyang Pulang mandirigma na napatay sa isang engkwentro.

Pinagkalat naman ng mga pulis ng San Remigio, Antique ang kasinungalingang binigo nila ang paglusob ng BHB-Panay sa kanilang istasyon noong Marso 31. Kinundena ito ng mga Pulang mandirigma dahil, anila, ginagamit itong dahilan ng pulis para higit pang imilitarisa ang mga komunidad at palabasing humihina ang BHB.

Bago nito, Marso 17, ipinamalita ng AFP at PNP ang pekeng labanan sa Barangay Mulangan, Igbaras, Iloilo. Walang humpay na nagpaputok ang 61st IB sa komunidad. Matapos nito, tatlong magsasaka ang inaresto at iprinisintang mga kasapi ng BHB. Ganito rin ang pinalabas ng 61st IB nang hulihin nito sa Barangay Masaroy, Calinog noong Abril 16 ang isang Tumanduk.

Mariin namang pinasinungalingan ng BHB-Camarines Norte ang pinalabas ng AFP na labanan sa pagitan ng PNP at mga Pulang mandirigma sa Barangay Tuaca, Basud noong Marso. Ayon sa BHB-Camarines Norte, hindi engkwentro sa pagitan ng BHB at PNP ang naganap kundi sagupaan sa pagitan ng mga pulis at ng armadong sindikato na hawak ng militar at sangkot sa mga kaso ng pangingikil sa mga bayan ng Mercedes, San Vicente, San Lorenzo, Daet at Basud. Nasawi sa sagupaang ito si Jonathan Brondia, kasapi ng sindikato. Malaon nang naglalabas-masok-masok si Brondia sa kampo ng 22nd IB sa Barangay Guinatungan, San Lorenzo. Ayon sa imbestigasyon ng BHB, sadyang pinatay si Brondia para pagtakpan ang koneksyon ng kanyang grupo sa militar. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ang presensya ng sindikatong ito na gumagamit sa pangalan ng BHB sa kanilang mga kriminal at anti-sosyal na aktibidad.

Bago nito, pekeng engkwentro din ang hinabi ng mga elemento ng AFP at PNP-MIMAROPA sa pagkakasawi ng magsasakang si Roland Sibulan sa Bongabong, Oriental Mindoro noong Marso 1. (*Basahin ang kaugnay na balita sa* Ang Bayan, *Abril 7, 2019*). AB

## Mga misengkwentro ng AFP

DALAWANG MISENGKWENTRO sa pagitan ng mga tropa Armed Forces of the Philippines (AFP) habang nanghahalihaw ang kanilang mga yunit sa mga komunidad ng magsasaka ang naiulat kamakailan.

Noong Abril 10, alas-3 ng madaling araw, nagsalpukan ang dalawang pangkat ng Bravo Coy ng 85th IB sa Sityo Labrahan, Barangay Butanguiad sa San Francisco, Quezon. Ang isang pangkat ng naturang yunit ay nagbihis-sibilyan at nagpanggap na mga Pulang mandirigma habang naka-unipormeng sundalo naman ang isang grupo. Isang sundalo ang nasawi sa engkwentro habang hindi mabilang ang sugatan.

Para pagtakpan ang kanilang kapalpakan, ibinalita ng 85th IB na nagkaroon ng labanan sa pagitan ng kanilang tropa at ng BHB. Pinalabas din ng mga sundalo na Pulang mandirigma ang sundalong nasawi, sa kabila ng pagkakakilanlan sa kanyang bangkay nang dalhin sa punenarya sa San Francisco.

Samantala, hindi bababa sa 20 elemento ng Marine Battalion Landing Team-2 ang natamaan ng kanilang sariling bomba habang nagmamaniobra matapos magkaroon ng engkwentro sa pagitan nila at ng BHB noong Pebrero 5 sa Kapuyan Blag, Barangay Datu Wasay, Kalamansig, Sultan Kudarat. AB

# Lumolobong yaman, tumitinding pagsasamantala

Lumobo ang yaman ng pinakamalalaking burgesyang kumprador ng Pilipinas nitong nakaraang mga taon. Sa taong 2018, umabot sa $55.3 bilyon ang pinagsamang yaman ng sampung pinakamayayamang indibidwal sa Pilipinas. Ang lalong paglaki ng yaman ay natamo sa pamamagitan ng pinaigting na mga kalakarang kontra-manggagawa at brutal na pagsupil sa kanilang mga paglaban, gayundin ng higit na pagpapataas ng mga presyo ng kanilang mga produkto at singil sa serbisyo na bunsod ng makadayuhan at makakapitalistang mga patakaran na ipinagpapatuloy ng rehimeng US-Duterte.

Sa nakaraang 11 taon, kinilala si Henry Sy, Sr. bilang pinakamalaking burgesyang kumprador na may yamang $18.3 bilyon. Sa pagitan lamang ng 2016 at 2017, lumaki ang yaman ng kanyang pamilya nang 31%—mula $13.7 bilyon tungong $18 bilyon. Sa pagpanaw ni Sy, pumalit ngayong 2019 si Manuel Villar, na may yamang $5.5 bilyon, bilang pinakamayamang Pilipino. Gayunpaman, kung pagsasama-samahin ang halaga ng mga tagapagmanang anak ni Sy, umaabot pa rin sa $6.5 bilyon ang kanilang yaman, mas mataas pa rin kay Villar.

Kasunod ni Sy at Villar, kinilala rin bilang pinakamayayaman sina John Gokongwei, Jaime Zobel de Ayala, Lucio Tan, Tony Tan Caktiong, Ramon Ang, Andrew Tan, Eduardo Cojuangco, Enrique Razon at Isidro Consunji. Wala sa listahan ng sampung pinakamayaman si Manuel Pangilinan pero napapabilang sa pinakamalalaking negosyong kumprador ang pinamumunuan niyang mga kumpanya.

**Papahigpit na ugnay sa dayuhan kapital**

Habang papalaki ang yaman at nakakamal na kapital ng malalaking burgesya kumprador, papahigpit naman ang ugnay ng kanilang mga kumpanya sa dayuhang mga bangko at negosyo.

Isang halimbawa nito ang Jollibee Foods Corporation (JFC), pagmamay-ari ng pamilyang Tan Caktiong, na sa nakaraang mga taon ay bumwelo sa pagbili ng mga kainan at pabrika ng pagkain sa Southeast Asia, China, US at Mexico. Gamit ang puhunan mula sa mga bangkong dayuhan at negosyante, binili ng JFC ang Smashburger ng US, Tortas Frontera ng Mexico at Superfoods ng Vietnam. Gayundin, binili ng JFC ang Yonghe King (pansitan) at Hong Zhuang Yuan (lugawan) mula sa mga kasosyo nitong Chinese.

Tulad sa JFC, masaklaw din ang mga negosyo ng SM Malls at ng mga kumpanya sa *real estate* ni Lucio Tan sa China.


Samantala, ang PLDT na pinatatakbo ni Manuel Pangilinan ay bumili ng dayuhang mga kumpanya sa internet at telekomunikasyon. Ilan lamang dito ang Phunware ng US at Paywhere at Appcard ng Singapore. Dati nang mahigpit na nakaugnay ang iba pang mga serbisyong internet nito sa malalaking kumpanyang US tulad ng WhatsApp, Viber, Netflix at Google TV.

Kamakailan, napabalitang binili ng pamilyang Ayala ang C-Con Group, isang kumpanyang German na gumagawa ng mga pyesa ng sasakyan.

**Mas mayaman, mas barat at brutal ang pamamalakad**

Nagkakamal ng limpak-limpak ang mga kumprador na ito sa pamamagitan pangunahin sa pambabarat sa kanilang mga manggagawa at/o pang-aagaw ng mga rekurso mula sa mga maralita at magsasaka. Kilala ang kanilang mga kumpanya bilang pinakamasasahol na taga-empleyo sa bansa.

Sa kaso ng pamilyang Sy, nagmumula pangunahin sa SM Malls ang kanilang bilyun-bilyong kita. Halos lahat ng mga manggagawa sa mga *mall* na ito ay kontraktwal, mababang ang sahod at hindi binabayaran ng obertaym at sweldong panggabi. Pinagtatrabaho sila ng diretsong walong oras, at hindi man lamang pinagbibigyang umupo at magpahinga. Tanda ng matinding pagkagahaman ng mga Sy,



pinababayaran pa sa mga manggagawa ang suot nilang uniporme.

Hindi lamang napakabarat magpasahod kundi pinakamapaniil din na mga taga-empleyo ang mga kumpanya ng malalaking burgesyang kumprador. Noong nakaraang taon, sinisante ng JFC ang 400 kontraktwal na manggagawa ng Jollibee matapos nila igiit na gawin silang regular.

Noong 2017, nabantog ang San Miguel Corporation (SMC) na pinamumunuan ni Ramon Ang at pagmamay-ari ni Eduardo Cojuangco, sa pagpapalayas ng daan-daang maralitang lunsod sa Manggahan Floodway sa Pasig City. Ito ay para bigyan-daan ang proyektong pang-imprastruktura nito sa Pasig River. Nakatakda namang mapalayas ang mga mangingisda sa Bulacan na nasa baybay ng Manila Bay para bigyan-daan ang proyektong paliparan ng SMC.

Bantog din sa kasamaan ang mga kumpanya ng pamilyang Consunji na gumamit ng mga sundalo at paramilitar para atakehin at palayasin ang Lumad at magsasaka sa mga bundok ng Daguma sa Far South Mindanao. Matapos kalbuhin sa pagtotroso ang mga bundok ng Daguma, nais naman ngayon ng mga Consunji na gamitin ang lupa para sa plantasyon at minahin ang karbon na matatagpuan sa lugar.

Ang mga kumpanyang pinatatakbo ni Manuel V. Pangilinan ay napapabilang sa pinakamalalaki, at sa gayon, kabilang sa pinakabarat at mapaniil sa bansa. Noong 2018, tinanggal ng PLDT, pinakamalaking kumpanyang telekomunikasyon sa bansa, ang 8,000 kontraktwal na manggagawa matapos nilang igiit na gawin silang regular. Ang pagtatanggal na ito ay pinakamalaking isahang pagsisante sa nakaraang mga taon. AB

## Nagbubundatang burukrata

MULING TUMAMPOK ANG di maipaliwanag na yaman ng pamilyang Duterte matapos ilabas ang isang ulat na sumuri sa kanilang idineklarang Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth mula nang magsilbi sila bilang mga upisyal ng lokal na gubyerno. Ayon sa naturang ulat, lumaki nang P28.5 milyon ang yaman ni Rodrigo Duterte mula 1998 hanggang 2017. Nasa P44.8 milyon naman ang inilaki ng yaman ni Sara Duterte at P22.7 milyon kay Paolo Duterte mula 2007 hanggang 2017.

Samantala, umangat sa numero unong pusisyon si Manuel Villar bilang pinakamayamang Pilipino ngayong taon. Ito ay matapos lumaki ang kanyang yaman mula $1.6 bilyon tungong $5.5 bilyon dulot diumano sa 1,300% na pagtaas ng kita ng Golden Bria, isang negosyong punerarya, sa unang kwarto ng taon. Kasabay nito, kinilala ang kanyang asawa na si Senator Cynthia Villar bilang pinakamayamang senador. Nagsisilbi naman bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways ang kanyang anak na si Mark Villar. Ang pamilyang Villar ay isang dinastiyang pulitikal sa Las Piñas City at kilalang may-ari ng pinakamalalaking kumpanya sa pabahay.

## Sindikato ng droga sa loob ng burukrasya

ISANG RETIRADONG KORONEL na bayaran kapwa ng sindikato ng droga at sindikato ng pandaraya sa eleksyon ang itinalaga ni Rodrigo Duterte na *executive director* ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict noong Marso 25.

Kilala si Ret. Col. Allen Arat Capuyan sa kanyang papel sa ismagling ng *shabu* na nagkakahalaga ng P6.4 bilyon sa Bureau of Customs (BoC) noong 2017. Nagsisilbi siya noon bilang punong upisyal panseguridad ng Manila International Airport Authority. Itinuro siya ni Mark Taguba, isa sa mga nagpapalusot ng *shabu* sa BoC, bilang bahagi ng makapangyarihang grupo ng mga taga-Davao na binabayaran ng mga *druglord* para iiwas ang kanilang mga kargamento sa inspeksyon. Bahagi ng grupong ito ang anak ni Duterte na si Paolo at kanyang manugang na si Manases Carpio.

Noong 2011, lumutang na ang pangalan ni Capuyan bilang pinuno ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines na tumanggap at nagsunog sa mga *tape* ng kontrobersyang "Hello Garci" ng eleksyong 2004. Nilaman ng mga *tape* na ito ang pakikipag-areglo ni Gloria Macapagal-Arroyo, noo'y tumatakbong presidente, kay Virgilio Garcillano, komisyuner ng Commission on Elections, para dagdagan ng isang milyon ang kanyang mga boto.

Noon ding Marso, nabunyag ang pagkakasangkot ni Michael Yang, negosyanteng Chinese at malapit na tagapayo ni Duterte sa mga usaping China, sa malawakang produksyon at pagbebenta ng *shabu* sa Mindanao at Luzon.

Sa inilabas na ulat ni dating PSSupt. Eduardo Acierto, direktang iniugnay si Yang at mga kasosyo niyang sina Johnson Chua at Allan Lim sa ismagling at pagtutulak ng droga pangunahin sa Mindanao. Ayon sa imbestigasyon ng grupo ni Acierto, si Yang at Lim ang namamahala sa distribusyon ng *shabu* sa loob at kalapit na mga bansa gamit ang mga kontak nila sa BoC habang si Chua naman ang nagtitiyak sa kanilang mga laboratoryo. Ani Acierto, hindi bababa sa P50,000 bawat kilo ng kargamento ng *shabu* ang singil ni Lim at Yang. Ginagamit ng sindikatong ito ang kanilang mga lehitimong negosyo upang itago at ilusot ang kanilang mga kontrabando at iligal na transaksyon.

Sina Capuyan at Yang ay ilan lamang sa mga personalidad na nakapaligid kay Duterte na may direktang ugnay sa mga sindikato ng droga. Binibigyan-laya sila ni Duterte na mandambong at maminsala sa bayan, kapalit ng kanilang pondo, katapatan at suporta sa kanyang inaambisyong diktadura. AB

# Hustisya para sa Negros 14!

KINUNDENA NG IBA'T IBANG organisasyon ang pagmasaker ng mga pwersa ng estado sa 14 na magsasaka sa Negros Oriental noong Marso 30. Inilunsad nila ang mga programa at protesta sa loob at labas ng bansa para manawagan ng hustisya.

Pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Malaya Movement at International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP) ang Pandaigdigang Araw ng Protesta noong Abril 10. Ilandaang magsasaka, tagapagtanggol ng karapatang-tao at tagasuporta ang nagmartsa mula Morayta patungong Mendiola sa Maynila para papanagutin ang rehimeng Duterte sa malawakang pamamaslang nito sa mga magsasaka.




Naglunsad naman ang ICHRP ng katulad na mga pagkilos sa mga sentrong syudad ng 18 bansa. Kabilang dito ang mga protesta sa US, Canada, Australia, Britain, Belgium, The Netherlands, Japan, Korea, Singapore, Saudi Arabia, Hongkong, Senegal at Sri Lanka.

Bago nito, nagprotesta ang mga magsasaka at kasapi ng Bayan sa harap ng Camp Crame, Quezon City, at ang sektor ng kabataan-estudyante sa UP Diliman, General Santos at Manila City noong Abril 2. Sa mga sumunod na araw, naglunsad din ng mga protesta sa Davao, Iloilo at Cebu City.

Itinatag naman sa Cebu City ang alyansang "Stop the Attacks! Defend Life and Rights!" noong Abril 10. Naging tagapagsalita sa programa si Most Rev. Gerardo Alminaza, D.D., obispo ng diyosesis ng San Carlos City sa Negros Occidental.

Samantala, inilunsad ang "Fight Sauron," isang konsyerto ng pakikiisa at paglaban, sa pangunguna ng Sama-samang Artista para sa Kilusang Agraryo (SAKA) at Concerned Artists of the Philippines noong Abril 12 sa Kamuning, Quezon City. AB

## 100,000 manggagawa ng FoxConn, sisipain

BINABALAK NG FoxConn Technology, isa sa pinakamalaking kumpanya sa pagmamanupaktura sa buong mundo, na sisantehin ang 100,000 manggagawa nito sa China at iba't ibang bansa. Sa nakaraang taon lamang, nabawasan na ng 30,000 ang mga manggagawa nito sa isang pabrika sa Zhengzhou.

Ang FoxConn ang isa sa pinakamalaking kontraktor na gumagawa ng mga *smartphone* na IPhone para sa kumpanyang Apple. Sa harap ng kumpetisyon, inianunsyo ng Apple na, sa kauna-unahang pagkakataon sa dalawang dekada, bumabagsak ang kita nito sa China. Mahigit 20% ng benta ng IPhone ay sa China.

Halos kalahati naman ng kita ng FoxConn ay mula sa produksyon ng IPhone. Dahil sa paghina ng bentahan ng Apple, iniulat ng FoxConn ang planong bawasan ng $2.9 bilyon sa gastos nito sa produksyon. Nitong nagdaang mga taon, hindi natuloy ang plano ng FoxConn na mamuhunan at magtayo ng malalaking planta sa Brazil, sa Maharashtra sa India at sa Pennsylvania at Wisconsin sa US. AB

**RALI NG MGA PILIPINO SA US.** Sa Washington DC, pinangunahan ng Malaya Movement ang *die-in protest* sa loob ng US Senate ng mahigit 300 indibidwal para kundenahin ang pamamaslang ng rehimeng Duterte at manawagan na itigil ang pagbibigay ng US ng ayudang militar sa reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

Umaabot sa $184.5 milyon ang ayudang militar na natanggap ng rehimeng Duterte noong 2018. Ngayong taon ay nakatakda itong tumanggap ng dagdag na $108 milyon.

**PANALO LABAN SA SUMIFRU.** Naipanalo ng mga manggagawa ng NAMASUFA-NAFLU-KMU ang kaso para maibalik sa trabaho ang iligal na tinanggal na 665 manggagawa ng Sumifru Philippines sa Compostela, Compostela Valley. Bagamat pormal nang inilabas ng National Labor Relations Commission ang desisyon noong Marso 25, hindi ito kinilala at ipinatupad ng kumpanya hanggang sa kasalukuyan.

Para igiit ang desisyon, nagpiket ang mga manggagawa sa harap ng upisina ng Sumifru noong Abril 12.

**PROTESTA NG MGA MANGGAGAWA NG NEXPERIA.** Nagprotesta ang mga manggagawa ng Procter & Gamble at kasapi ng WALR-Nexperia-LIGA sa harapan ng Light Industry and Science Park Gate 1 sa Calamba City, Laguna noong Abril 2. Ipinanawagan nila ang pagpapatupad sa inilabas na desisyon ng Department of Labor and Employment na iregularisa ang 182 manggagawa ng Nexperia Philippines alinsunod sa una nang napagkasunduan ng LIGA at maneydsment.

**PROTESTA NG MGA DRAYBER.** Naglunsad ng piket ang mga drayber at opereytor ng dyip sa pangunguna ng PISTON para kundenahin ang patuloy na pagsirit ng presyo ng langis at iba pang mga bilihin sa Cubao noong Abril 8. AB